**LUNGSOD NG SOLVANG**
**PAGSASAAYOS SA MGA SINGIL SA TUBIG DAHIL SA PAGTAGAS**

## MGA PAMAMARAAN

Sa ilalim ng Patakaran ng Lungsod sa Pagputol ng Serbisyo ng Tubig sa mga Residensiyal (City's Residential Water Discontinuation Policy), ang mga kostumer sa residensiyal ay maaaring mag-apela ng bayarin sa utilidad dahil sa mayroong pagtagas sa lugar ng mga kostumer. Pakitingnan ang Patakaran sa Pagpuputol ng Tubig sa mga Residensiyal at ang Form sa Apela sa Pinagtatalunang Bayarin sa Utilidad para sa impormasyon kung paano maghain ng apela.

Susuriin ng Tagapamahala ng Lungsod, o ang itinalaga ng Tagapamahala ng Lungsod ang apela at maaaring aprubahan ang apelang mayroong pagtagas kung ang Tagapamahala ng Lungsod, o ang itinalaga ng Tagapamahala ng Lungsod, ay nagpasiya batay sa available na impormasyon at mga materyales na isinumite bilang suporta sa apela na:

- Ang pagtagas ay nangyari sa panig ng kostumer sa koneksyon ng serbisyo ng tubig
- Ang pagtagas ay nagdulot ng isang seryosong pagtaas sa konsumo ng tubig sa "regular na paggamit" ng mga kostumer. Ang regular na paggamit ay matutukoy sa pamamagitan ng pagsusuri sa paggamit ng kostumer sa parehong yugto ng panahon para sa nakaraang limang taon.
- Naayos na ang pagtagas.

Kung ang apela ay naaprubahan, ang bayarin ng kostumer ay dapat mabago para maipakita ang pinakamababang naaangkop na singil sa pagkonsumo para sa tubig na nakonsumo.

Ang pagbabago sa bayarin ng kostumer para sa pananagutan sa pagtagas ay ipoproseso lamang kung:

- Sa loob ng 15 araw ng pag-apruba ng apelang mayroong pagtagas, ang kostumer ay:
    - Nakapagbigay ng nilagdaang form ng pagtanggap sa pagsasaayos dahil sa pagtagas;
    - Nakapagbigay ng invoice at patunay ng pagbabayad na nagpapakita na natapos ang pagkukumpuni ng pagtagas; at
    - Nakapagbayad ng naisaayos na bayarin.

## MGA MADALAS ITANONG

**Sino ang may pananagutan sa mga pagtagas ng tubig?**
Mula sa kahon ng metro hanggang sa kalye ay responsibilidad ng Lungsod. Mula sa kahon ng metro hanggang sa bahay ay responsibilidad ng may-bahay. Kung ang pagtagas ay nasa kahon ng metro, susuriin ito ng Dibisyon ng Tubig para matukoy kung ito ay pananagutan ng may-bahay o ng Lungsod.

**Kung aaprubahan ng Tagapamahala ng Lungsod ang aking apela dahil nagkaroon ng pagtagas, anong uri ng diskwento ang makukuha ko?**
Ang halaga ng iyong diskwento ay ang pagkuha ng lahat ng sinisingil na nakonsumo na mga yunit at ang pagsasaayos sa lahat ng mga yunit sa pinakamababang walang-parusang singil sa pagkonsumo. Ang resulta ng pagbabawas sa rate na iyon sa kung ano ang sinisingil ang magiging diskwento mo.

**Hindi ko ginamit ang tubig na ito. Bakit sinisingil pa rin ako para dito kahit na naaprubahan ako para sa diskwento?**

Ang mga tuntunin ng programa ay nagsasaad na dapat naming singilin ang lahat ng tubig na dumaan sa metro, nawala man ito bilang resulta ng pagtagas o hindi.

**Ang normal na bayarin ko ay karaniwang nasa "x" na dolyar. Isasaalang-alang niyo ba ito kapag kinakalkula niyo ang aking diskwento?**
Isinasaalang-alang ang iyong regular na paggamit para matukoy kung ang pagtagas ay nagdulot ng seryosong pagtaas sa pagkonsumo ng tubig kaysa sa iyong regular na paggamit ng tubig. Ang karaniwang halaga ng iyong bayarin ay hindi isasaalang-alang sa pagkalkula sa pagbabago ng bayarin. Ikaw pa rin ang may pananagutan sa pagbabayad para sa lahat ng paggamit ng tubig, ngunit gagawin mo ito sa pinakamababang posibleng naisaayos na rate.

**Maaapektuhan ba ang aking mga bayarin sa sewer at metro kung ako ay naaprubahan para sa diskwento?**
Hindi, hindi ilalapat ang may diskwentong rate sa mga bayarin sa sewer o metro.

**Pinupunan ko ang form ng apela, pero malapit na ang takdang petsa ng aking bayarin. Ano ang dapat kong gawin?**
Palagi naming inirerekomenda na bayaran mo nang buo ang iyong bayarin at kung maaprubahan ang iyong aplikasyon, lalabas ang iyong diskwento bilang isang kredito sa mga pagsingil sa hinaharap. Kung hindi mo kayang bayaran ang buong bayarin kapag ito ay dapat nang bayaran, makipag-ugnayan kaagad sa Clerk sa Pagsingil ng Utilidad para humiling ng kaayusan sa pagbabayad sa (805)688-5575 x202. Napapailalim sa 10% na multa para sa nahuling pagbabayad ang anumang account na may hindi nabayarang balanse. *Kung ang iyong account ay naka-autopay, ang buong bayarin ay ibabawas mula sa iyong account sa iyong takdang petsa maliban kung aalisin mo ang opsyon na autopay mula sa iyong online na account.*

**Kung naaprubahan, ilang bayarin ang maisasaayos?**
Isasaayos lamang namin ang bayarin para sa panahon ng pagsingil kung saan ang Tagapamahala ng Lungsod o ang itinalaga ng Tagapamahala ng Lungsod ay nagpasiya na kinakailangan ang pagbabago sa bayarin dahil sa pagtagas.

## FORM NG PAGTANGGAP SA PAGSASAAYOS DAHIL SA PAGTAGAS

PANGALAN NG KOSTUMER: ____________________________________

ADDRESS NG SERBISYO: ____________________________________

NUMERO NG ACCOUNT: ____________________________________

NUMERO NG TELEPONO: ____________________________________

EMAIL: ____________________________________

(Mga) petsa ng pagsingil kung saan ka nag-a-apply: (mga petsa ng bayarin sa tubig)

Mula sa: ________________________Para kay: ____________________

Tinatayang petsa ng insidente: _________________________________

Petsa ng Pagkaapruba ng Apela sa Bayarin sa Utilidad: ________________________________

(Mga) Petsa na ginawa ang pagkukumpuni: _____________________________________

Mahalaga!
Bago lagdaan ang aplikasyon na ito, mangyaring basahin ang sumusunod:

1) Ang Form ng Pagtanggap sa Pagsasaayos dahil sa Pagtagas (Leak Adjustment Acknowledgment Form) na ito, at ang mga sinusuportahang dokumentasyon na nagpapakita na ang pagtagas ay nakumpuni, at ang pagbabayad sa naisaayos na bayarin ay dapat matanggap sa loob ng 15 araw pagkatapos ng pagbibigay ng apela sa bayarin sa utilidad ng tubig sa dahilan na nagkaroon ng pagtagas.
2) Maglakip ng mga kopya ng mga invoice, mga resibo para sa paggawa at mga materyales na nagdedetalye ng mga permanenteng pagkukumpuni ay ginawa at o isang ulat ng pulisya na nagdodokumento ng pagnanakaw ng tubig. Dapat na may tatak ng petsa ang mga invoice ng tubero.

Mangyaring ibalik ang form na ito nang personal, sa pamamagitan ng email, o mail sa:
utilitybilling@cityofsolvang.com
City of Solvang, Utility Billing
1644 Oak Street
Solvang, CA 93463

**Sa pamamagitan nito, kinikilala ko na ang aking bayarin sa tubig ay nabago para ipakita ang saklaw ng isang pagtagas at na, naaayon sa mga kondisyon ng naturang pagbabago, ako ay naging dahilan para malutas ang pagtagas at sa pamamagitan nito ay nagbibigay ng dokumentasyon ng naturang pagkukumpuni, at nabayaran ko nang buo ang naisaayos na bayarin.**

**Lagda ng Kostumer:** _______________________________________

Petsa: ________________

CC 11-25-24